



PATNUBAY SA MISA

10 Pebrero 2019

Ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

Ang Tawag at Hamon ng Panginoon sa Atin

Tayo ay nasa Ikalimang Linggo sa Karaniwang Panahon. Tayo ay tinatawag ng Panginoon at hinahamong sumunod sa Kaniya. Likas sa tao ang maramdamang siya ay alangang alangang sumunod sa tawag ng Diyos.

Ngunit ang pagpili ng Poong Maykapal sa atin ay hindi dahil sa ating pagiging karapat-dapat kundi dahil sa Kanyang malawak na awa at mapagpalang pasya. Hilingin natin sa pagdiriwang na ito na matugunan natin nang lubos ang tawag sa atin ng Panginoon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Halina't ating sambahin ang Diyos na Poon natin. Lumuhod at manalangin sa Manlilikhang butihin. Siya'y Poong mahabagin.

Pagbati

P –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong tuma-tawag sa ating sumunod sa kaniya, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Nagpapasalamat tayo sa Panginoong Hesus na siyang tumawag sa atin bilang kanyang mga alagad. Pagsisihan natin ang ating pag-aalinlangang sumunod sa kaniya. (Manahimik saglit.)

P –Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong dakilang nais para sa aming buhay, Panginoon, kaawaan

mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa lakas na iyong dulot upang makasunod sa iyo nang lubos, Kristo, kaawaan mo kami.

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyong pumipigil sa aming talikdan ang lahat para maging iyong mga alagad, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, lagi mong lingapin at patnubayan kaming mga kabilang sa iyong angkan. Sa tanging pag-asa naming ikaw ang nagbibigay, kami'y tangkilikin mo at laging subaybayan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 6:1-2a.3-8*

Ang ating sipi galing sa Aklat ni Isaias ay tungkol sa pagtawag sa kaniya ng Diyos bilang propeta. Nababalot ng kaluwalhatian ang pagtawag kay Propeta Isaias. Ang kanyang tugon ay puno ng takot at ng pakiramdam na siya ay alangalang alangan sa pagtawag sa kaniya ng Poong Maykapal. Sana'y matugunan natin nang maayos ang tawag sa atin ng Panginoon.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nang taong mamatay si Haring Uzias, nakita ko ang Panginoon. Nakaupo siya sa isang napakataas na luklukan. Ang laylayan ng kanyang damit ay nakalatag sa buong Templo.

May mga serapin sa kanyang ulunan, at bawat isa'y may anim na pakpak. Wala silang tigil nang kasa-sabi sa isa't isa ng ganito: "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos ng mga hukbo! Ang kanyang kaningninga'y laganap sa sanlibutan." Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok. Sinabi ko, "Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita sa Panginoon, ang Makapangyarihang Hari."

Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga sa dambana, at lumipad na patungo sa akin. Ang baga ay idiniit sa aking mga labi, at sinabi, "Wala ka nang sala. Napawi na ang mga kasalanan mo."

Narinig ko ang tinig ng Panginoon, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang aming susuguin?" Sumagot ako, "Narito po ako. Ako ang isugo n'yo."

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 137*

B – Poon, kita'y pupurihin sa harap ng mga anghel!

R. M. Velez

Two staves of musical notation in G major and 4/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). It contains the melody for the first line of the hymn. The second staff has a treble clef and a key signature of one sharp. It contains the melody for the second line of the hymn. Chord symbols are written above the notes: D, A, GM7, A, D.

Po---on, ki-ta'y pupu---ri-hin
sa ha--rap ng mga ang--hell

* Ako, Poon, buong pusong aawit ng pasalamat, sa harap ng mga anghel, pupurihin kitang ganap. Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang, pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan. **B**

* Dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan, ikaw'y tunay na dakila, pati iyong kautusan. Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako. **B**

* Dahilan sa pangako mong narinig ng mga hari, pupurihin ka ng lahat at ikaw'y ipagbubunyi. Ang lahat ng ginawa mo ay kanilang aawitin, at ang kadakilaan mo ay kanilang sasambitin. **B**

* Nahahandang harapin mo mapusok kong kaaway, ligtas ako sa piling mo, sa lakas na iyong taglay. Yaong mga pangako mo ay handa mong tupding lahat, ang dahilan nito, Poon, pag-ibig mo'y di-kukupas, at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap. **B**

Ikalawang Pagbasa *1 Cor 15:1-11*

Ang ikalabinglimang kabanata ng Unang Sulat ni San Pablo sa mga taga-Corinto ay tungkol sa muling pagkabuhay ni Kristo. taglay nito ang isa sa pinakamatandang pagpapahayag ng Pananampalatayang Kristiyano. Ito ay hinango ni San Pablo sa paniniwala ng mga alagad sa lunsod ng Antioquia, kung saan "unang tinawag na Kristiyano ang mga alagad" (Gawa 11:26).

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

At ngayo'y ipinaaalaala ko sa inyo, mga kapatid, ang Mabuting Balita na ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang pahayag na inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya. Sa pamamagitan nito'y naliligtas kayo, kung matatag kayong nananangan sa salitang ipinangaral ko sa inyo – liban na nga lamang kung kayo'y sumampalataya na di iniisip ang inyong sinampalatayanan.

Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Kristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan sa nasasaad sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; at siya'y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa. Pagkatapos, napakita siya sa mahigit na limandaang kapatid

na nagkakatipon. Marami sa kanila'y buhay pa hanggang ngayon, bagamat patay na ang ilan. At napakita rin siya kay Santiago, saka sa mga apostol na sama-sama noon. Sa kahuli-hulihay'y napakita rin siya sa akin – bagamat ako'y tulad ng batang ipinanganak nang di-kapanahunan.

Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol, ako'y di karapat-dapat tawaging apostol, sapagkat inusig ko ang simbahan ng Diyos. Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya, ako'y naging apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin. Nagpagal ako nang higit kaysa kaninuman sa kanila, bagamat hindi ito sa sarili kong kakayanan kundi sa tulong ng Diyos sa akin.

Kaya't maging ako o sila – ito ang ipinangangaral namin, at ito ang pinananaligan ninyo.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 4:19

B – Aleluya! Aleluya!

Sumunod kayo sa akin at kayo'y aking gagawing katambal ko sa tungkulin. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 5:1-11*

Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay naglalahad ng pagtawag ni Hesus sa kanyang mga unang alagad ayon sa pananaw ni San Lucas. Ito ay may limang yugto: (1) ang pagkabigo nina Pedrong makahuli ng isda; (2) ang himala ni Hesus; (3) ang pakiramdam ni Pedrong siya'y di karapat-dapat; (4) ang pagtawag ni Hesus; (5) ang pagtalikod nina Pedro sa lahat upang sumunod kay Hesus.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nakatayo si Hesus sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Pinagkalipumpunan siya ng napakaraming tao na ibig makarinig ng Salita ng Diyos. May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nakalunsad na ang mga mangingisda at naghuhugas ng kanilang mga lambat. Lumulan siya sa isa sa mga bangka at hiniling kay Simong may-ari nito, na ilayo nang kaunti sa tabi. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.

Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang

manghuli.”

Sumagot si Simon, “Guro, magdamag po kaming nagpagod at wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat.”

Gayon nga ang ginawa nila at sa dami ng kanilang huli ay halos magkansisira ang kanilang mga lambat.

Kaya’t kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa ibang bangka upang patulong, at lumapit naman ang mga ito. Napuno ang dalawang bangka na halos lumubog.

Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya’y nagpatirapa sa paanan ni Hesus at nagsabi, “Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako’y makasalanan.”

Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli; gayon din sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasosyo ni Simon. At sinabi ni Hesus kay Simon, “Huwag kang matakot. Mula ngayo’y mamamalakaya ka ng mga tao.” Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Tayo ay nagagalak sa pagtawag sa atin ng Diyos sa kabila ng ating mga kakulangan. Puno ng paghahangad na makatugon sa Kanyang tawag, ating sasambitin:

B –Diyos na tumawag sa amin, dinggin Mo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging matatag sila sa pagtugon sa tawag sa kanila ng Diyos na kalingain at maglingkod sa Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maging bukas ang kanilang mga kalooban sa pagtalima sa tawag ng Diyos sa paglilingkod, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang hindi sila maging bingi sa tawag ng Diyos na itaguyod ang ikabubuti ng taong-bayan at ang ikauunlad ng ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nagtalaga ng sarili sa paglilingkod sa kanilang mga kapwang nangangailangan, upang gantimpalaan sila ng Diyos sa kanilang kabutihang-loob, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang mabuksan ang ating mga pandinig sa tawag ng Poong Maykapal sa paglilingkod sa Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipagdasal ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! **B.**

P–Ama naming hindi nangiming tumawag sa amin sa pagtataguyod sa Iyong paghahari, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang aming marinig ang Iyong tinig at lumakas ang aming loob sa pagtupad sa Iyong ninanais at sa gayon ay maging mga tunay na alagad kami ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!



P–Manalangin kayo. . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ang pagkai’t inuming narito ay iyong ginawa upang mapalakas kaming mga mahihina. Ipagkaloob mong ito ay aming mapagsaluhan bilang pakikinabang sa buhay mong pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo V

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan.

Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo’y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P— Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B— Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang D'yos ay pasalamat na pag-ibig n'ya sa tanan. Pagkai't inuming tunay na may dulot kasiyahan ang sa ati'y kanyang bigay.

Panalangin Pagkapakinabang

P— Ama naming mapagmahal, sa pagkai't inuming pagkakaisa ang ibinibigay, kami'y niloob mong makapakinabang. Kaisa ni Kristo kami nawa'y makapamuhay upang makapamunga nang may kagalakan para sa kapakanan ng aming kapwa tao sa sanlibutan, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B— Amen!



P— Sumaiyo ang Panginoon.

B— At sumaiyo rin!

P— Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Iadya nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng kasamaan.

B— Amen!

P— Tibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya at pag-ibayuhin ang inyong sigla para sa lalong masigasig na paglilingkod sa ating pamayanan.

B— Amen!

P— Tulungan Niya nawa kayo sa inyong mga pagsisikap at gantimpalaan kayo sa mabuti ninyong gawa sa lahat.

B— Amen!

P— Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak,

at Espiritu Santo.

B— Amen!

P— Humayo kayo sa kapayapaan

upang mahalin at paglilingkuran ang Panginoon.

B— Salamat sa Diyos!

Ang mga Kahulugan ng Tawag ng Diyos

Ang tawag ng Diyos ay may iba't ibang hibla ng kahulugan:

(1) pansarili; (2) pam-pamayanan; (3) panandalian lamang; (4) pampalagian; (5) malayang tanggapin; (6) kailangang tanggapin.

Ang una ay pansarili ang tawag ng Diyos. Ito ay para sa taong tinatawag ng Diyos at wala nang iba. Kaya nga hindi ito maipapasa sa iba, kung sakaling ayaw tumugon ng taong tinatawag ng Diyos.

Ang ikalawa ay pam-pamayanan ang tawag ng Diyos. Ang tawag ng Diyos sa isang tao ay magbubunga di lamang para sa kanyang sarili kundi para sa ikabubuti ng buong Bayan ng Diyos.

Ang ikatlo ay panandalian lamang ang tawag ng Diyos. Ito ay para magawa ang isang tungkuling iniatas ng Diyos. Tapos na ang pagtugon kapag nagawa na ang tungkuling ito.

Ang pang-apat ay pampalagian ang tawag ng Diyos. Ang tawag ng Diyos ay naglalagay sa tinawag na tao

sa isang kakaibang kalagayang tunay na pinag-pala sa buong Bayan ng Diyos. Ito ay panghabang-buhay.

Ang ikalima ay malayang tanggapin o hindi ang tawag ng Diyos. Ang taong tinatawag ng Diyos ay may kalayaang tumugon ng *Oo* o *Hindi* sa tawag ng Diyos. Hindi sapilitan ang pagtawag ng Panginoon.

Ang ikaanim ay kailangang tanggapin ang tawag ng Diyos. Dahil sa ang tawag ay galing sa Diyos — at wala nang hihigit pa sa Kaniya — mahirap tanggihan ang tawag na ito. Ang tawag ng Diyos ay biyaya sa ganang sarili nito. Kawalan ang bunga ng pagtalikod sa tawag ng Diyos. Kadakilaan naman sa kanyang Kaharian ang pagtalima rito. Halimbawa, makikilala ba natin si Abraham kung tinalikuran niya ang tawag ng Diyos? Ngunit dahil sa kanyang pagtalima, binabanggit natin dalawang ulit araw-araw ang kanyang ngalan — sa Awit ni Zacarias sa Panalangin Pang-umaga at sa Awit ni Maria sa Panalangin Panggabi.

Tantuin ang kadakilaan ng pag-ibig ni Kristo para sa'yo. Pagnilayan ang kanyang pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay sa:

- May edisyong Ingles at Tagalog
- Polyeto (Kulay / B&W)
- Leaflets
- Posters
- Taraulins (by order)

ANG BAGONG DAAN NG KRUS

Mabibili sa Word & Life Bookstore



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua